# International Theatre Institute ITI

**World Organization for the Performing Arts**

## MENSAHE PANDAIGDIG NA ARAW NG DANSA 2022

**Ni KANG Sui-Jin, South Korea**

Salin sa Filipino Nina

---

BATID ng sangkatauhan kung paanong pinatigil ng Pandemyang Covid 19 ang lakas at kapangyarihan ng dansa sa buong mundo. Kaya sa gitna ng trahedyang ito ay pinapag-isip tayo sa kahulugan ng "sayaw" at ng mga "mananayaw" noong mga nakaraang panahon. Ang sayaw ay sinauna at naiibang uri ng ekspresyon at pagpapahayag sa pamamagitan ng galaw. Isang performance art na tumitinag sa kaluluwa at nagdudulot ng inspirasyon sa mga manonood. Masasabi rin na ito ay pansamantalang sining na mahirap maibalik sa dating anyo kapag naihayag na sapagkat ito'y likha ng buong katawan at kaluluwa. Ang sayaw ay mula sa kislap ng isang saglit, na pinasusunod ang mga mananayaw na gumalaw nang panghabang panahon.

Datapwat ang lagim ng Covid19, ay naglimita at ganap pang humarang sa sining ng sayaw sa orihinal na hikayat at talab nito.

Bagamat bumubuti na ang situwasyon, ang pagtatanghal ng mga sayaw ay nasa ilalim pa rin ng maraming pagbabawal. Ang pangyayaring ito ay nag-uutos sa atin upang balikan at lalong madama ang timyas ng alaala noong panahon na ang sayaw at mananayaw ay gaya ng maningning na mga alahas, na naipapangusap ang lahat ng gustong sabihin at ipahayag, mga pangarap at pag-asa sa buhay, at pinagniningning sa galaw ang buong mundo.

Kaugnay nito, napakahalagang alalahanin ang hindi malilimutang gimbal at lagim ng black death sa Medieval Europe, kung saan sa ballet na Giselle ay naitanghal ang tagumpay ng pag-ibig laban sa kamatayan. Ipinalabas ito sa Opera sa Paris noong Hunyo 28, 1841. Sa papalipas pa lamang na black death ay nagulantang at humanga ang buong mundo sa lakas at kapangyarihan ng sayaw. Mula noon, ang Giselle ay itinanghal sa buong Europa at sa maraming panig ng daigdig upang libangin at hikayatin ang kaluluwa ng sangkatauhan na bumangon mula sa pagkakalugmok dulot ng pandemya. Ito rin sa aking pagkaunawa, at sa bighaning idinulot ng pagtatanghal ng Giselle, ay ekspresyon ng diwa at kapangyarihan ng isang mananayaw para sa tagumpay na matakasan ang bigat at dusa sa gapos ng iba't ibang kahirapan sa daigdig.

Ang malungkot at balisang manonood ay uhaw sa galaw, bisa, indak, aliw at himas sa puso na idinudulot ng isang mananayaw. Bilang mga mananayaw, tayo'y naniniwala na ang kampay ng ating mga kamay ay parang mga pakpak na nagbibigay-pag-asa sa maraming puso at kaluluwa upang ang iba ay makalipad rin. lalo na doon sa mga kumikilala at nagmamahal sa sining ng sayaw. Na ang sayaw ay nagdaragdag ng lakas at tapang sa pagtalo sa pandemya.

Ang yanig ng sayaw sa aking puso ay nag-aanyaya na mayanig din ang iba pang mga puso.

Kang Sui-jin, South Korea
Salin sa Filipino nina
Dr. Shirley Halili Cruz
Prof. Gigi Velarde David
Ms. Mary Michelle Bonifacio
At
Prof. Joe Lad Santos